FEMA DisasterMalapit na ang Palugit sa Aplikasyon ng Tulong sa Kalamidad ng FEMA Assistance Application Deadline Approaches

Release Date: December 28, 2022

BRANDON, Fla. – Mahigit $4.4 bilyon sa mga grant ng pederal, mga pautang sa kalamidad at mga pagbabayad sa seguro sa baha ang naibigay sa state ng Florida at sa mga sambahayan na apektado ng Bagyong Ian. Ngunit nauubos ang oras para sa mga nakaligtas sa Bagyong Ian na mag-apply para sa tulong sa kalamidad. Kung ang iyong pangunahing tirahan ay nasa isa sa 26 na county na itinalaga para sa tulong ng pederal na sakunaat nagkaroon ka ng pagkawala o pinsalang nauugnay sa bagyo na dulot ng Bagyong Ian, mayroon ka hanggang Ene. 12, 2023 upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon.

Ang mga nakaligtas na may insurance ay hinihikayat na maghain ng paghahabol para sa pinsalang dulot ng sakuna bago sila mag-apply para sa tulong ng FEMA. Hindi mo kailangang maghintay para sa iyong insurance settlement upang magsumite ng aplikasyon para sa tulong sa kalamidad. Maaaring magbigay ang FEMA ng tulong pinansyal sa mga karapat-dapat na nakaligtas na may pinsala o pagkawala na dulot ng sakuna na hindi nakaseguro o kulang sa insurance.

Mag-apply online sa disasterassistance.gov o tumawag sa 800-621-3362. Makukuha ang tulong sa karamihan ng mga wika. Ang mga tawag ay sinasagot araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Ang mga nakaligtas ay maaari ding magparehistro sa alinmang Disaster Recovery Center na tumatakbo sa buong mga county na napinsala ng sakuna ng Florida. Upang makahanap ng malapit, mag-online sa: DRC Locator.

Ang deadline sa Ene. 12 ay para din sa mga aplikasyon ng utang na may mababang interes para sa sakuna mula sa Small Business Administration (SBA, Administrasyon ng Maliliit na Negosyo) ng U.S. Ang SBA ang pangunahing pinagkukunan ng pera ng pederal na gobyerno para sa pag-aayos ng mga

pribadong ari-arian na napinsala ng sakuna. Tinutulungan ng SBA ang mga negosyo sa lahat ng laki, mga pribadong nonprofit na organisasyon, mga may-ari ng bahay at mga nangungupahan na pondohan ang mga pagkukumpuni o mga pagsisikap sa muling pagtatayo at sakupin ang gastos ng pagpapalit ng nawala o napinsalang personal na ari-arian.

Ang Tulong sa Bahay at Tulong Iba Pang Pangangailangan ng FEMA ng grant para sa gastos sa medikal, dental, at libing ay hindi na nangangailangan ng aplikasyon ng indibidwal sa utang sa SBA. Pero ang mga aplikanteng ipinasa sa SBA ay dapat na magkumpleto at magsumite ng aplikasyon ng utang sa SBA para isaalang-alang sa karagdagang tulong sa sakuna. Ang mga aplikanteng hindi kwalipikado para sa isang pautang ng SBA ay maaaring i-refer pabalik sa FEMA upang maisaalang-alang para sa tulong sa ilalim ng probisyon ng Iba Pang Pangangailangan ng Tulong (Other Needs Assistance). Ang numero ng Customer Service Center ng Sakuna ng SBA ay 800-659-2955. Ang tulong ay makukuha rin sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa: disastercustomerservice@sba.gov o sa pamamagitan ng pagbisita sa www.sba.gov. Maaaring mag-apply online ang mga nakaligtas sa secure na website ng SBA: disasterloanassistance.sba.gov/ela/s/

Ang mga negosyong hindi pa nagsusumite ng aplikasyon ng pautang sa negosyo ng kalamidad sa SBA, ay maaaring mag-apply online gamit ang Electronic Loan Application (ELA) sa pamamagitan ng secure na website ng SBA sa disasterloanassistance.sba.gov/ela/s/sa ilalim ng SBA declaration #17644. Puwedeng bumisita ang mga negosyo, may-ari ng bahay, nangungupahan, at mga non-profit sa Sentro ng Pagbangon ng Negosyo o Sentro ng Pagbangon sa Sakuna para humingi ng tulong sa pagsusumite ng aplikasyon o para humiling na muling isaalang-alang ang desisyon sa utang nila.

Maaaring makuha ang impormasyon ng pautang sa kalamidad at mga pormas ng aplikasyon mula sa Customer Service Center ng SBA sa 800-659-2955 (kung ikaw ay bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, mangyaring i-dial ang 7-1-1 upang ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay) o sa pamamagitan ng email sa disastercustomerservice@sba.gov.

Ang deadline ng pagpapasa ng aplikasyon para sa pinsala sa pisikal na ari-arian ay sa Ene. 12, 2023. Ang deadline ng pagpapasa ng aplikasyon para sa pinsala

sa kabuhayan ay sa Hunyo 29, 2023.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Ian at Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov Sundan ang FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter at sa facebook.com/fema.

###